## "HARAPIN ANG BUKAS"

Ang Samaháng ito'y nagdaos ng̃ karaniwang pulong noong ika 16 nitong buwan.

Maraming mahahalagang bagay na napagusausapan, at isa rito'y ang tungkol sa pagpapalakás sa pamamagitan ng̃ larong *tennis*, sipà at iba pa.

Gayon din, nagdaos ng̃ pagtatalo, at ang bagay na pinagtalunan ay: NAKASAMA SA PILIPINAS ANG AKLASAN. Ipinagtangol ang palagay na ito ng̃ mg̃a Gg. Clemente de Leon, Gregorio Pedro at Sotero Pablo, at sina Gg. Eugenio Inocentes, Teófilo Zapanta at Juan M. Reyes ang mg̃a tumutol naman.

Ang mg̃a katwirang inihanay ng̃ mg̃a ginoong ito'y pawang makabuluhan. Sa wakás ng̃ pagtatalo'y pinasiyahán ng̃ Pulong na may lubos na matwid ang mg̃a ginoong tumutol.

Sa hulí ay nagsipagsalitâ si G. Clemente Fernando, pang̃ulong gurô sa bayang itó, at si G. Gabino G. Reyes, sa anyaya ng̃ Samantalang Pang̃ulo na si G. Fortunato Francisco, at sila'y kapwâ tumukoy ng̃ mg̃a mahahalagang bagay.

Masiglang totoo ang pagkadaos ng̃ Pulong, sa karamihan ng̃ mg̃a nagsidaló.

# Mg̃a butó ng sili.

Sa di kawasa'y natapos din ang buang itó ng̃ mg̃a bulaklák, ng̃ mg̃a kundiman, ng̃ mg̃a panaginip; ang buang ipinagdárang̃al ng̃ mg̃a mangagawà sa ibabaw ng̃ mg̃a kaapihán ng̃ búhay.

Naúupos ná ang Mayo, gaya ng̃ pagkaupós ng̃ mg̃a kandilà sa haráp ng̃ dambanâ nang Mahál na Kayumangí sa taluktók ng̃ bundók.

Oh, ang Mahál na Kayumangí sa Antipulo! Kung maitutulong lamang ang kanyáng pang̃atì upang mápatayô nang agád sa Pásig ang monumento ni Rizal; kung matutulung̃an lamang niyá sa ikapagkákasalapî ang ating pámahalaan upang may maipagpalimbág ng̃ mg̃a *cartillang* iminungkahì ni Velarde't ni Guerrero; kung ang kanyang panghalina sa kuarta'y maipahihirám muna sa ating mg̃a maykapangyarihan at ng̃ máipagawâ ná sa madaling panahón ang Capitolio sa Bagumbayan; disin ay. . .

Disi'y matítipid ang maraming pagál, hindî matutunaw ang maraming útak at di naman magtátatalo ang mg̃a prínsipeng kristiano sa paghanap pa ng̃ mg̃a paraang ikápipigâ sa bulsá ng̃ mg̃a may bulsá.

Mapapalád ang mg̃a ipinagháhanap ng̃ Mahál na Kayumangì!

o

Gaya ng̃ pagkamapálad ng̃ mg̃a elektor na hangá ng̃ayo'y ayaw pang mang̃agsikuha ng̃ sédula personal.

Pagka't pagdulóg sa kanilá ng̃ nang̃aglisaw na mg̃a "mágbubukayô", ay iyán ang parang kutós na ibibirò nilá: na kailang̃an niláng magkaroón ng̃ sédula upang makaboto.

Sa katusuhan, anilá, ay katusuhan din ang nararapat isalubong.

o

At sa "orte" ay "orte" rin naman ang tugón. Ang wikà ni Tasán:

Ako'y si bubule,
anák ng̃ ngusùáng konde;
huwag mo nang iale
ang iyong kandidature
pagka't ikaw'y walang bale...

Si Abéng nama'y sumagót:

Ang nuno mo't ang nuno ko
ay naghampasan ng̃ halo,
ang nuno mo'y nang matalo
nagtatakbó sa lelang mo;
huwág kang umestoesto't
ikaw ma'y rehionalisto...

At ang isásabad ko nama'y ganiré:

Sitsiritsít alibambáng,
para kayóng magguguláy,
kapag kâyo'y naggaganyán
ng̃ing̃isi ang taga Bambáng.

o

Paris ng̃ pagng̃isi sa "Filipinas" ng̃ napag lílihihán nito na si *Silvano*.

Patí ng̃ katauhan ni G. Domingo Ponce, taga Kiapò, sa Maynilà, na naghayág sa "Mulìg Pagsilag̃" ng̃ isang mahabang salaysay na tumutukoy sa masagwang kaugalíang napupuna sa madlang babáeng sumisíbol ng̃ayón; si G. Domingo Ponce na dapat mákilala ng̃ marami sa Maynilà pagka't siyang nagsumakit sa ikapagsásapisapi ng̃ mg̃a kapisanan doon sa ilalim ng̃ isang Kalipunán, na nang mátatag ná'y pinamagatáng "Asociaciones Confederadas de Filipinas"; ang ginoong ito'y itinátakwil ni "Filipinas" at ipinalálagay na isang pamagát lamang ni *Silvano* na sumulat sa BANGON.

Ayaw kilanlí't pahalagahán ni aling "Filipinas" si G. Domingo Ponce.

Kaawaawa naman si mang Ingô!

At si *Silvano* raw ay taga Sampirong Makatí.

Hangan saán ang mg̃a *esteremengoles* ng̃ mg̃a *hijang* iré!

Dahilán sa mabuting pagkakápunteria ni *Silvano*, ay umulpót ang isang *Teacher Justina Liwanag* (?) na umawit ng̃ "No me mates", *awit* na sinaliwan ng̃ *eng-eng* ni "Filipinas".

Hála; eng-eng-hóng eng-eng... iyóng pasakalle ng̃ "no me mates".

Ang babáeng "modernista"
at tunay na "progresista",
ay malakás kung tumawa,
walang timpî, há-ha-ha-há.
At kung nagkakápipisan
sa "excursión" at lansang̃an,